

PROLOGUE

Maynila, ika-30 ng Disyembre, 1896

Patuloy ang pagtulo ng luha ni Corazon habang yakap-yakap si Jose. Pigil na pigil niya ang mga tunog ng paghihinagpis na nais kumawala mula sa kanyang dibdib habang patuloy na hinahaplos ang buhok ng kasintahan.

Hindi niya naririnig ang mga sigawan sa paligid, ang mga taong nagtatakbuhan, ang mga *guardia civil*, kahit ang kanyang pamilya na nakatayo sa kanyang likuran. Wala na siyang nararamdaman kundi ang pagdaloy ng dugo ni Jose sa kanyang kamay para mantsahan ang suot niyang traje de boda.

Araw iyon ng kanilang kasal. Ang pinakamasayang araw dapat ng kanilang buhay. Ngunit tila magiging araw rin iyon ng pagluluksa.

Idinantay ng kasintahan ang isang duguang kamay sa kanyang pisngi.

“Patawarin mo ako,” anito habang nakatingin sa kanya na puno ng pagsisisi ang mga mata. “Hindi ko matutupad ang aking pangako na magiging maligaya tayo nang mahaba pang panahon.”

Pilit na ngumiti si Corazon kahit pa hiram na siya sa luha.

“Huwag mong sabihin iyan, Jose,” saway niya. “Tumawag na ng doktor si Inang. Saglit na lamang.”

Ngunit alam niyang panonoorin niyang kunin sa kanya ng sumpa ang kanyang pinakamamahal. Ngumiti si Jose at mahigpit na hinawakan ang kanyang kamay. “Ipagpatuloy mo ang iyong buhay,” bulong nito. “Piliin mong maging maligaya, Azon. Hindi nagtatapos sa akin ang buhay mo.” Umiling siya pero muling pinisil ni Jose ang kanyang kamay. “Hindi man tayo itinakda ngayon, alam kong mahahanap natin ang isa’t isa. Ipangako mo sa akin, Azon. Hindi aalisin ng pangyayaring ito ang iyong ngiti. Mahal na mahal kita hanggang sa kabilang buhay.”

“Mahal na mahal din kita,” bulong ni Corazon. Pinilit niyang panatilihin ang isang ngiti sa kanyang mga labi. Kung siya ang huling makikita ng kasintahan, ihahatid niya ito sa huling hantungan na ngiti niya ang nakikita.

Ngumiti rin ang binata. Nakatitig lamang ito sa kanyang mga mata nang huminga ito nang malalim. Nang pakawalan iyon ni Jose, kasabay niyon ang pagpikit ng mga mata nito. Idinikit ni Azon ang mukha sa buhok ni Jose bago siya nagpadala sa dalamhati, para sa kasintahan, para sa sarili, para sa kanilang angkang dahil alam niya nagwagi na naman ang sumpa.

1

Present Day.

Hindi makita ni Cordelia Medrano ang mukha ng lalaking kaniig niya. Nadarama lang niya ang init ng mga labi nito sa kanyang leeg at ang haplos ng mga palad nito sa kanyang balat. His kisses moved lower and she arched her back to offer more of her breasts to him. An offer that he took. Heatedly. She moaned and turned over in bed.

Bumubulong ang lalaki habang naglalandas ang isa nitong palad pababa sa katawan ni Cordie at bumilis ang kanyang paghinga. Gusto niyang magmakaawa. Gusto niyang tawagin ang pangalan nito pero hindi niya iyon alam.

Bumalik sa kanyang mga labi ang bibig ng lalaki at maalab siyang hinalikan. Hinding-hindi niya malilimutan ang lasa ng halik nito.

Umakyat sa buhok ng lalaki ang kanyang kamay. She cried out against his mouth when his fingers found her heat. She couldn't help it. She came, crying out for him, her body shuddering even as she woke up.

Napaupo si Cordelia. Mabilis ang pagtibok ng kanyang puso at hinahabol niya ang paghinga. Madilim ang silid at kahit pa bukas ang air conditioner, pinagpapawisan siya. Dama pa rin niya

Enthralled - Elise Estrella

sa kanyang balat ang mga halik at haplos ng lalaki sa kanyang panaginip. Halos naaamoy pa rin niya ang balat nito.

Sinulyapan niya ang alarm clock sa bedside table. Alas tres y media. Natawa siya at pabagsak na muling nahiga. Nag-iinit ang kanyang mukha. She had a freaking erotic dream. Sayang at hindi niya kilala ang lalaking kasama sa panaginip.

Dahil alam niyang hindi na siya muling makakatulog, bumangon na siya at nagtungo sa banyo. Nag-shower siya, nagbihis at bumaba sa dirty kitchen ng kanilang bahay. Pagbukas niya ng ilaw, agad niyang nakita ang mga nakalatag na containers ng kanyang homemade creams sa ibabaw ng counter. Mabuti pang magtrabaho na lang siya. Sayang ang araw.

Ikalawa sa apat na magkakapatid na babae si Cordelia. Nananalaytay sa kanyang dugo ang dugo ng ilang henerasyon ng mga babaylan kung kaya nabiyayaan siya ng kapangyarihang makakita ng hinaharap.

She was a foreseer. At kahit pa hindi niya ikinahihiya iyon, hindi rin niya iyon ipinagkakalat. Kahit pa 21st century na, hindi pa rin tanggap ang mga taong katulad niya. Kadalasan ay pinagtatawanan sila at tinatawag na weirdo o kaya ay baliw.

Kung patutunayan naman nilang totoo ang mga kapangyarihan nila, katatakutan naman sila at tatawaging mga mangkukulam.

Hindi mangkukulam ang magkakapatid na Medrano.

Espesyal lamang talaga sila.

Ibinuhos niya ang enerhiya at sexual frustration na iniwan ng panaginip sa ginagawa. Naisalin na niya ang bagong batch ng hand cream sa mga lalagyan. Nag-iisip siya ng isang bagong uri ng shower mist nang sumilip sa pinto ang kanyang Ate Cleopatra.

Nakasuot ito ng kulay puting roba sa ibabaw ng isang nightshirt, magulo ang buhok, halatang maga sa halik ang mga labi at may ekspresyong nagsasaad na hindi lamang masaya ang umaga nito kundi masayang-masaya.

Pilya siyang napangiti. “Magtitimpla ba ako ng kape para sa inyo ni Kuya Ethan o energy drink at balot ang gusto ninyong almusal?”

Nag-blush ang panganay na kapatid bago tumawa. “Good morning to you, too!”

Sinundan niya ito sa kusina. Sumandal siya sa counter habang pinupuntirya nito ang coffee maker.

“Ang aga mo yatang gumising,” anito habang nagsasalin ng coffee beans sa grinder.

“Hindi ako nakatulog nang maayos,” paliwanag niya.

Buti na lamang at psychometry, iyong abilidad na makabasa ng nakaraan ng isang tao o bagay, ang abilidad ni Cleo at hindi empathy at telepathy. Kung hindi, nahimatay siguro ito sa X-rated niyang panaginip na hindi niya sinasadyang i-replay sa kanyang

utak. Kailangan niyang ipaalala sa sarili na huwag mag-project ng mga iniisip kapag gising si Soya na siyang telepath sa kanilang apat.

“Sorry, nawala sa isip ko ’yong kape,” aniya. Karaniwan kasi, ang unang nagigising sa kanila ang naghahanda niyon.

“It’s okay,” sabi ng kapatid. “Ang bango n’ung ginagawa mo.”

“Bagong idea ko lang for a body spray,” paliwanag niya bago nagmamadaling bumalik sa dirty kitchen na kakabit ng kanilang kusina. Iyon ang kanyang ‘lab’ sa bahay dahil teritoryo ni Alethea—ang kanilang bunso—ang actual kitchen nila. Sa dirty kitchen siya naghahalo ng homemade beauty products at sa kitchen nila nagbi-bake ng pastries para sa café si Thea.

Kinuha niya ang beaker bago bumalik sa kanyang ate. Inilapit niya ang beaker dito at sininghot-singhot nito ang laman niyon.

“What do you think?” tanong niya.

“It smells... sexy,” anito. “Sexual and passionate.”

Ngumisi siya. “That’s the idea. Parang gusto ko siyang tawaging *Midnight Passion* or something.”

Midnight Passion alinsunod sa mga panaginip niya.

“It’s perfect,” ani Cleo.

“What’s perfect?” tanong ng isang lalaki mula sa pintuan

ng kusina.

Nakita niya kung paano nagliwanag ang mukha ng kanyang ate. Nagsalubong ang dalawa sa gitna ng kusina at nagpalitan ng masuyong halik.

“Ay, sus! Hindi pa nagsawa kagabi,” tukso niya.

Tumawa ang mga ito bago naghiwalay. Lumapit si Ethan sa kanya at kinurot ang kanyang ilong.

“Ano na naman ang pinagkakaabalahan mo at ang aga mo ulit bumangon?” tanong nito bago lumapit sa coffee maker.

“Bagong body spray,” muli niyang sagot bago inangat ang beaker para sa lalaki. Tumungo ito para amuyin ’yon. “*Midnight Passion*. I’m sure meron nito sa kama n’yo kagabi.”

Malakas na tumawa si Ethan samantalang namula nang husto ang ate niya.

“Mabango nga. Ano’ng meron diyan?”

Ngumisi siya. “Midnight and passion.”

Muling tumawa ang lalaki at bumalik siya sa dirty kitchen. Inayos niya ang kanyang laboratoryo at nagligpit ng mga kagamitan at kasangkapan. Nilinis niyang mabuti ang work area niya habang nagluluto ng almusal si Cleo.

Mayamaya, bumaba na rin para makapag-almusal ang dalawa pa nilang nakababatang kapatid na sina Soraya at Alethea.

Agad na napuna ng mga ito ang amoy ng kanyang bagong body spray. Ipinaalala niya sa sarili na huwag i-project kay Soya ang visual images ng kanyang panaginip.

Matapos ang almusal, nagpaalam na si Ethan na papasok sa opisina at hinalikan nito si Cleo sa mga labi bago sila isa-isang halikan sa pisngi. Nang makaalis na ito, kanya-kanya na silang ligo para sabay-sabay nang makapunta sa kanilang New Age boutique, ang *Wiccan*.

“Nga pala, Cordie,” ani Cleo nang makasakay sila sa *Pajero*, “may meeting ako mamaya sa isang supplier natin. Puwede bang ikaw na muna ang magpunta sa *Insular*? Dalawang puwesto kasi ang open. Gusto kong tingnan ’yong puwesto natin just to get a feel of the area’s past pero baka hindi ko magawa ngayon. Kung libre ka naman, dumaan ka muna sa hotel. Tingnan mo kung maganda ’yong area na naka-assign sa ’tin. If not, puwede nating hingin kay Ethan na ilipat tayo bago simulan ang construction.”

“Sige, I’ll be there after lunch,” sabi niya.

“Okay. I’ll give you Josh’s number. He’s the head of security. Siya ang hanapin mo mamaya.”

“No problem.”

Iritado si Joshua Robles nang araw na iyon. Hindi siya nakakatulog nang maigi nang mga nakaraang gabi. Okay lang

sana. Sanay siya na walang tulog. Noong nasa *NBI* pa siya, minsan inaabot siya ng ilang araw na puyat. Pero dahil iyon sa trabaho at hindi dahil sa laman ng mga panaginip niya.

Para siyang teenager na gabi-gabi dinadalaw ng isang dream woman para lamang tuksuhin siya hanggang sa mabaliw-baliw na siya sa pagnanasa para lamang iwan siya kapag bigla siyang nagising.

Punyemas.

Nagsalin siya ng kape sa isang mug. Ikaapat na mug na yata niya ng kape iyon nang araw na iyon. Kung dadaan siya sa blood typing ng kaibigang doktor na si Bennett, sigurado niyang blood type B siya.

B for Benguet Blend.

Hindi niya alam kung dahil ba sa kape o dahil hindi siya sanay na may sekretarya kaya muntik siyang mapalundag nang tumunog ang intercom sa kanyang mesa.

“Mr. Robles, Miss Medrano is here to see you,” sabi ng babae.

Binayo niya ang dibdib bago pinindot ang isang buton sa intercom. “Salamat, Suzanne. Please send her in.”

'Nyemas na Ethan 'yon.

Sino ba kasi nagsabi rito na bigyan siya ng magarang opisina at ng isang sekretarya? Head of security siya. Dapat hands-on ang

trabaho niya at hindi siya nakatago sa isang opisina, naghihintay para bigyan ng tour ang isang VIP. Hindi siya usher na humaharap sa bisita. Bodyguard siya...

Buti na lang at na-control niya ang reaksiyon nang magbukas ang pinto at pumasok, hindi si Cleopatra Medrano na nobya ng isa sa kanyang mga best friends, kundi isang magandang estranghera.

Saglit itong natigilan nang magtama ang kanilang mga mata at tila ba hinila siya ng panaginip niya nang nagdaang gabi. Hindi siya nagkakamali. Ito ang kasama niya sa kama.

Those were her lips that parted to receive his kisses and that was her body welcoming his. Nararamdaman pa niya ang maliliit na kagat ng mga kuko nito sa kanyang likod nang madala ito ng ligaya. Nakatatak sa kanya ang haplos ng malalambot nitong mga kamay sa kanyang balat habang sabay silang naghahabol ng hininga.

“Mr. Robles?” tawag ng sekretarya at muli siyang napatingin dito. “Is there anything else, Sir?”

“No, Suzanne. Thank you,” aniya na garalgal ang tinig.

Hindi niya namalayan nang lumabas ng silid si Suzanne. Nakasentro lamang sa babaeng malapit sa pinto ang kanyang buong mundo nang mga oras na iyon.

Sabi ni Ethan, lahat daw ng Medrano ay magaganda. Hindi nagsinungaling ang kaibigan.

She wasn't as tall as Cleopatra. Her body was curvaceous in her short skirt and white blouse. Maiksi ang buhok nito. Tuwid iyon at chin-length. Her face was what he would call charming kung hindi lamang siya napako sa mga mata nitong puno ng masidhing emosyon na sigurado niyang nasa kanya ring mga mata.

Hindi niya inaasahan ang tindi ng nadama niyang init sa kanyang sikmura. Hindi siya caveman at hindi siya hayop. Pero nang mga oras na iyon, gusto niyang buhatin ang dalaga patungo sa isang madilim na lugar para lubos na makilala.

“Miss Medrano?” tanong niya nang tumayo siya mula sa swivel chair.

“Yes,” pabulong na sagot ng dalagang tila na-hypnotise na nakatingin pa rin sa kanya.

“I'm Joshua Robles,” aniya. Hindi niya inialok ang kanyang kamay. Hindi niya sigurado ang kontrol niya sa sarili. Baka bigla niya itong hilahin at siilin ng halik at hindi ba naman nakakahiya iyon?

Kumurap ito na para bang nagising sa isang panaginip. “I'm Cordelia Medrano. Cordie. Sabi ni Ate Cleo, ako na lang ang titingin sa 'yo—” Napailing ito at mabilis na namula. “I mean, kasama mo. D'un sa space. Para sa boutique.”

Kumibot ang kanyang mga labi. “Okay,” sabi na lang niya. “Before that, do you want anything? Nag-lunch ka na ba? Coffee?”

Tea?" *Me?*

"No," sabi nito. "No, thank you."

"All right, then. 'Lika na sa baba."

Tahimik silang lumabas ng opisina at pumasok ng elevator. Pinindot niya ang buton para sa ground floor at nagsara ang mga pinto. Nakulong sa loob ang nakaliliyong samyo ng pabango ni Cordelia, ni Cordie. Hindi iyon matapang. Sa katunayan, parang amoy nga lang iyon ng balat ng babae. That scent would be stronger at her throat and between her breasts...

Damn it, Robles!

Inabot yata ng sampung taon bago bumukas ang elevator at mabilis na lumabas si Joshua. Gusto niyang lumayo sa samyo ni Cordelia. Kung alam lang nito kung anong klaseng mga imahe ang namuo sa kanyang isip dahil sa pabango nito, baka magsuplong ang dalaga sa pulis. Or worse, kay Ethan.

Sumunod lamang ito sa kanya sa bakanteng puwesto sa shopping center level ng hotel. May istrakturang gawa sa plywood na pininturahan ng puti na tumatakip sa espasyo. Nakapinta sa gitna noon ang logo ng *Insular*. Sinusian ni Joshua ang seradura at ipinagbukas ng pinto si Cordie. Binuhay rin niya ang ilaw.

Dark red ang kulay ng pader na iniwan ng mga dating rumerenta sa espasyo. Puti ang kisame, at sementado ang sahig na dating natatakpan ng carpet. Dati iyong jewelry shop bago

Enthralled - Elise Estrella

nagdesisyon ang mga may-ari na isara na lamang ang Manila branch at lumipat sa Cebu.

Sinulyapan niya si Cordelia at napansing nakatingin ito sa kawalan. Masusi niya itong pinagmasdan. Hindi. Hindi ito nakatingin sa kawalan. Nakatingin ito sa espasyo na para bang nakikita na nito ang magiging hitsura niyon kapag naayos na ang boutique. Sinulyapan siya nito bago mabagal na ngumiti.

Nakadama ng mabagal na pagkalat ng init sa kanyang dibdib si Joshua. At sigurado na niya. He was going to make love to this woman sooner or later.